# Impormasyon tungkol sa ika-4 na pagbabakuna (Booster) para sa mga dayuhan (60 taong gulang pataas) na naninirahan sa Korea

Nang dahil sa paglaganap ng Omicron tumaas din ang bilang ng mga matatandang nahawaan ・ namatay kaya nais naming ipaalam sa inyo ang tungkol sa ika-4 na bakuna na nakasaad sa baba para sa mga dayuhang may edad na 60 na taong gulang pataas na naninirahan sa Korea upang maprotektahan sila mula sa mapanganib. at kamatayan dahil sa pagkahawa ng COVID-19.

■ Maaring Bakunahan

- Maaring bakunahan ang mga may edad na 60 taong gulang (mga isinilang bago ang Disyembre 31, 1962) pataas na **lumampas na sa apat(4) na buwan(120 na araw) mula ng makumpleto ang ika-3 bakuna dito sa Korea o sa ibang bansa, lubos din naming inirekomenda ang pagpapabakuna ng ika-4 na dosis** para sa mga pinakamapanganib na mga matatandang may edad na 80 taong gulang pataas.

* Kahit na nagpositibo ng COVID-19 bago, o matapos mabakanuhan ng ika-3 dosis kung nais niya ay maari ding magpabakuna.

■ Uri ng Bakuna, Pagitan ng Pagbabakuna

- Ang mRNA bakuna (Pfizer, Moderna) at Novavax ang ibabakuna.
- Maaring mabakunahan ng ika-4 na dosis ang mga may edad na 60 taong gulang pataas pagkatapos ng apat(4) na buwan(120 na araw) mula ng makumpleto ang ika-3 bakuna.

  Subalit, ang mga nasa lugar na mapanganib na posibleng mahawaan ng sama-sama tulad ng nasa tahanang tagapag-alaga para sa mga matatanda/nursing home o pasilidad(kabilang ang mga pasilidad sa pagtataguyod ng kalusugang pangkaisipan/Mental Health Promotion Facilities) ・mga taong may mahihinang immune system na kailangang paikliin ang pagitan ng pagbabakuna ay maaring mabakunahan mula tatlong(3) buwan(90 na araw) pagkatapos ng ika-3 bakuna.

■ Iskedyul at Lokasyon

- Maaring maagang magpareserba (advance reservation) mula **Abril 18, 2022(Lunes), at ang bakunang ipinareserba ay maaring ibakuna mula Abril 25, 2022(Lunes).**
- Kung may natitirang bakuna sa pinagkatiwalaang institusyon ng medikal ay maaring magpabakuna sa **mismong araw** mula **Abril 14, 2022(Huwebes).**
- Ang **lugar ng pagbabakunahan** ay walang kaugnayan kung rehistrado o hindi sa National Health Insurance, maaaring magpabakuna sa saan mang **institusyong medikal na nangangasiwa sa pagbabakuna ng COVID-19. Subalit, kung mahirapang magpabakuna sa mga medikal na institusyon maaring magpabakuna sa sentro ng pampublikong kalusugan depende sa sitwasyon ng lokal na pamahalaan.**

■ Paraan ng pagpapareserba

1. Mga dayuhang lumampas sa edad na 60 taong gulang na nakakumpleto ng pangunahing pagbabakuna at ikatlong pagbabakuna dito sa Korea.

1) **Rehistradong Dayuhan**: Tulad ng ginawa sa pangunahing pagbabakuna maaring magpareserba sa pamamagitan ng online o sa pagtawag sa telepono.

① Online na pagpapareserba: Pumunta sa site para sa maagang pagpapareserba ng COVID-19 (https://ncvr.kdca.go.kr) ang taong mismong magpabakuna o ang kinatawan/representante at magpareserba.

② Pagpapareserba sa telepono: Tumawag sa Sentro ng Korea para sa Pagkontrola at Pag-iwas ng Sakit (☏1339) o sa Call Center ng lokal na pamahalaan para magpareserba.

③ Mismong araw na pagpapabakuna: Maaring mabakunahan mismo sa araw matapos makapagpalista sa medikal na institusyon (kumpirmahin sa pamamagitan ng pagtawag)

* Maaring magpareserba ng natitirang bakuna sa pamamagitan ng SNS

**2) Hindi Rehistradong Dayuhan (kasama ang mga ilegal na dayuhan)** : Maaring magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa mga institusyon ng pagbabakuna(institusyong medikal o sentro ng pampublikong kalusugan) gamit ang pansamantalang numero ng pamamahala na natanggap mula sa sentro ng pampublikong kalusugan noong nagpabakuna ng pangunahing pagbabakuna o sa ikatlong pagbabakuna.

* Sa panahon ng pagkuha ng pansamantalang numero ng pamamahala, hindi hihilingin na ipakita ang identipikasyon katulad ng pasaporte, aliencard at iba pa.

2. **Mga Dayuhang may edad na lampas ng 60 taong gulang(kabilang ang mga dayuhang may panandaliang bisa 90 na araw pababa)**

○ Dalhin ang ID at pumunta sa pinakamalapit na sentro ng pampublikong kalusugan, kumuha ng pansamantalang numero ng pamamahala at pagkatapos ay magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa mga institusyon ng pagbabakuna(institusyong medikal o sentro ng pampublikong kalusugan).

※ Pakitandaan

- **Base sa Sistema ng Eksempsyon ng Obligasyon sa Pag-abiso, ang tungkol sa personal na impormasyon o identipikasyon ay gagamitin lamang ito para sa layunin ng pagbabakuna, at hindi ito ipaalam sa tanggapan ng imigrasyon ang tungkol sa ilegal na pananatili at iba pa.**
- Para sa mga karagdagan at iba pang mga detalye mangyaring sumangguni sa website ng COVID-19 sa Sentro ng Korea para sa Pagkontrola at Pag-iwas ng Sakit (https://ncv.kdca.go.kr).